



# COUNTY NG SAN DIEGO

## MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN  
Ika-28 ng Agosto, 2020  
Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

### KAILANGAN NG MGA SITE MANAGER SA LUGAR NG BOTOHAN PARA SA IKA-3 NG NOBYEMBRE NA PANGKALAHATANG ELEKSYON

Ang Tagapagrehistro ng mga Botante ay naghahanap ng mga pansamantalang full-time na [site manager](#) upang patakbuhan ang mga itinalagang lugar ng botohan para sa Ika-3 ng Nobyembre na Pangkalahatang Eleksyon. Ang mga site manager ay maaaring kumita ng \$20 kada oras.

Dahil sa COVID-19 pandemic, ang mga lugar ng botohan ay magbubukas ng apat na araw sa halip na isa. Ang opisina ng Tagapagrehistro ay kukuha ng mga manggagawa sa eleksyon para i-hire kaysa gumamit ng mga volunteer dahil ang pagsasanay ay mas malawak para sa pinahabang panahon.

Ang mga site manager ay ire-require na sanayin at pamunuan ang staff habang nire-represent ang Tagapagrehistro ng mga Botante sa isang propesyonal, walang partidong pamamaraan. Ang Tagapagrehistro ng mga Botante ay naghahanap ng mga taong team player, nagpapakita ng kasanayan sa matatag na pamumuno at flexibility, pasensya, at pinakamataas na antas ng integridad sa lahat ng oras.

Ang mga site manager ay ini-require na dumalo sa isang bayad na limang-araw na programa sa pagsasanay upang alamin kung paano magpatakbo ng isang lugar ng botohan at sanayin ang kanilang staff na manggagawa sa eleksyon.

- Mula Ika-28 ng Setyembre hanggang Ika-2 ng Nobyembre, ang mga site manager ay dapat magtrabaho ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon, Lunes hanggang Biyernes. Ang mga manager ay maaaring i-require na magtrabaho higit sa walong oras sa isang araw sa buong lingo at maaaring kailanganin na magtrabaho ng ilang weekend sa panahon ng mga peak period kapag papalapit na ang Araw ng Eleksyon.
- Sa Araw ng Eleksyon, Ika-3 ng Nobyembre, ang mga site manager ay dapat magtrabaho ika-5:30 ng umaga hanggang ika-10 ng gabi.

Ang opisina ng Tagapagrehistro ay nagtatrabaho kasama ang Public Health Services upang siguraduhin ang kalusugan at kaligtasan ng mga manggagawa sa eleksyon at mga botante. Bibigyan ng personal protective equipment at mga sanitation supply ang mga manggagawa upang ligtas nilang mapangasiwaan ang proseso ng eleksyon.



# COUNTY NG SAN DIEGO

## MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN  
Ika-28 ng Agosto, 2020  
Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

Ang mga English speaker na bilingguwal sa Spanish, Filipino, Vietnamese o Chinese ay kinakailangan din. Kung kayo ay fluent sa isa sa mga wikang ito, siguraduhing ilagay ito sa inyong aplikasyon.

Ang mga aplikasyon para sa site manager ay makukuha na online sa [sdvote.com](https://sdvote.com). Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa (858) 565-5800 o email ang [pollworker@sdcounty.ca.gov](mailto:pollworker@sdcounty.ca.gov).

###

COUNTY**NEWS**CENTER

